

Petisyon ng mga nagsasakdal para sa Japanese nationality laban sa desisyong labag sa saligang batas

Sa kasalukuyan, ang palitan ng kuru-kuro ay walang limitasyon at bahagi ng ito ng pang-araw-araw na pamumuhay. Taun-taon mayroong 30,000 kaso ng international marriages. (Population Annual Survey Report of Health, Labor and Welfare Ministry). Karamihan sa mga batang may magulang na Hapon at Pilipina na hindi kasal ay ipinanganak sa ibang bansa. Sa ngayon hindi na kakaiba kung ipananganak man sa ibang bansa.

Ayon sa Artikulo 12 ng Batas ng Nasyonalidad (Nationality Law) at Artikulo 104 ng Batas ng Koseki (Koseki Law) ang mga batang kasal ang magulang, ipinanganak sa labas ng Japan at may tinamong ibang nasyonalidad, at hindi nagbigay-alam sa loob ng 3 buwan sa Japan Embassy o sa munisipyo sa Japan pagkatapos maipanganak ang sanggol ay mawawalan ng nasyonalidad na Hapon. (Japanese nationality).

Sa loob ng 18 taon (hanggang December 31, 2011) ang Citizen's Network for Japanese-Filipino Children Inc. (CNJFC) ay nakatanggap ng 341 kaso ng mga Japanese-Filipino Children (JFC) na kasal ang mga magulang. Sa loob ng 341 kaso, ang 230 mga bata ay nawalan ng nasyonalidad na Hapon. ("CNJFC Taunang Ulat, 2011")

Nawalan ng nasyonalidad na Hapon ang bata dahil karamihan sa mga amang Hapon at inang Pilipina ay hindi alam ang sistema at kahalagahan ng pagpapatala ng kapanganakan ng bata sa Japan Embassy matapos na isilang ang sanggol sa Pilipinas. Maging sa Japan iilan lamang na mga tao ang nakaka-alam ng ganitong kakaibang sistema.

Ang mga batang nawalan ng Japanese nationality ay hindi nakarehistro sa Koseki Tohon (Family Register) ng amang Hapon bagamat ang kanyang mga magulang ay kasal. Dahil dito nasasaktan ang pagkatao ng mga bata dahil para sa kanila, sila ay hindi kinikilala ng bansang Japan na bansa rin ng kanilang ama. Higit sa lahat, hindi kasalanan ng mga bata na nawalan sila ng nasyonalidad na Hapon kaya hindi marapat na sila ang magdusa.

Para sa kaso ng mga batang nawalan ng nasyonalidad na Hapon na may tirahan sa Japan, maaari nilang mabawi ang kanilang nasyonalidad na Hapon sa pamamagitan ng notipikasyon. - Artikulo 17-1 Batas ng Nasyonalidad (Article 17-1, Nationality law) Subalit ito ay hindi madali sapagkat maraming kahirapan sa legal at pang ekonomiyang proseso. Sa loob ng 230 mga bata, 31 mga bata (13.48%) lamang ang nakabawi na kanilang nasyonalidad na Hapon. Ito ay nagpapatunay ng kahirapan para sa mga batang nawalan ng nasyonalidad na Hapon.

May mga 27 batang Japanese-Filipino ang nagkonsulta sa Citizen's Network for Japanese – Filipino Children. Ang CNJFC ay naghain ng demanda sa Pangdistritong Korte ng Tokyo (Tokyo District Court) noong ika-21 ng Hulyo, 2010 upang mapagtibay ang kanilang nasyonalidad na Hapon.

Noong ika-23 ng Marso, ang hukom ay nagbigay ng unang hatol. Ang isang nagsasakdal na nakatira sa Japan ay nanalo upang mapagtibay ang kanyang nasyonalidad na Hapon. Subalit sa kasamaang palad, ang 26 na ibang nagsasakdal na nakatira sa Pilipinas ay hindi naaprubahan ang kanilang nasyonalidad na Hapon.

Ang Artikulo 12 ng Batas ng Nasyonalidad ay nag-aalis ng nasyonalidad na Hapon sa mga bata kahit pa sila ay nagkamit ng nasyonalidad na Hapon sa kanilang pagsilang. Ito ay lumalabag sa Artikulo 13 ng Konstitusyon ng Japan ng nagsasabi ng seguridad sa bawat dignidad ng pagkatao. Ito rin ay lumalabag sa Artikulo 14-1 ng Konstitusyon ng Japan na nagsasabing pagkakapantay-pantay sa ilalim ng batas.

1. Ang Artikulo 12 ay may diskriminasyon sa mga batang ipinanganak sa Japan at sa mga batang ipinanganak sa Pilipinas o sa ibang bansa.
2. Ang Artikulo 12 ay may diskriminasyon sa mga batang nawalan ng nasyonalidad na Hapon dahil sa mga magulang na hindi nakapagdeklara ng kanilang intensyon na makapagpareserba ng kanilang nasyonalidad na Hapon noong sila ay isinilang.
3. Ang Artikulo 12 ay may diskriminasyon mga batang ipinanganak sa labas ng Japan sa mga kasal at di kasal na magulang. (kung ang mga bata ay kinilala ng kanilang amang Hapon sila ay maaaring makakuha ng nasyonalidad na Hapon ng walang limitasyon sa panahon)

[APELA]

Hinihiling naming na baguhin ang paghahatol sa mga nagsasakdal ng magkaroon sila ng nasyonalidad na Hapon. Hindi ninais na mga nagsasakdal na lumabag sa Artikulo 12. Ang pagpapatupad ng Artikulo 12 ng Batas ng Nasyonalidad ay labag sa Artikulo 13 at 14 ng Konstitusyon ng Japan na nagsasabing seguridad para sa indibidwal na dignidad at pagkakapantay-pantay sa ilalim ng batas.

Pangalan	Tirahan

Samahan ng mga Abogado para sa pagtitibay ng nasyonalidad na Hapon.

Citizen's Network for Japanese-Filipino Children Inc.

[Mailing address] 160-0023 Tokyo, Shinjuku-ku Nishi Shinjuku 4-16-2-206 Citizen's Network for Japanese-Filipino children Inc.

Huling araw para sa paglagda: (hindi lalampas ng Septyembre 30, 2012)